*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# Liturgy of the Hours

## Panalangin sa Umaga

Ika-8 ng Setyembre, 2025

{ Kapistahan ng Pagsilang ng Mahal na Birheng Maria }

Liturgy of the Hours

EBREVIARY

# *Paanyaya sa Panalangin*

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus sa mga labi*

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.

— At pupurihin ka ng aking bibig.

*Salmo 95*

*Ang Panawagan upang papurihan ang Diyos*

Tayo'y lumapit sa Panginoon nang may papuri at pasasalamat.

— Tayo'y lumapit sa Panginoon nang may papuri at pasasalamat.

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya aawitan,
Ating paputihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.

— Tayo'y lumapit sa Panginoon nang may papuri at pasasalamat.

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.

— Tayo'y lumapit sa Panginoon nang may papuri at pasasalamat.

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.

— Tayo'y lumapit sa Panginoon nang may papuri at pasasalamat.

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.

Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila ng nakinabang.

— Tayo'y lumapit sa Panginoon nang may papuri at pasasalamat.

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi,"Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinusuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan."

— Tayo'y lumapit sa Panginoon nang may papuri at pasasalamat.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

— Tayo'y lumapit sa Panginoon nang may papuri at pasasalamat.

# *Panalangin sa Umaga*

## Awit

Kay dakila mo, O Diyos Amang walang hangganan,
Ang lahat ng liwanag, ikaw ang pinagmulan.
Darating sa daigdig yaring bukang-liwayway
Tanda ng pag-ibig mo na walang katapusan.

Ikaw, O Hesukristo, ang tunay naming araw
Kaloob mo ay buhay sa katawa't isipan.
Dinggin mo ang dalanging kami'y iyong tulungang
Malayo sa masama't anumang kasalanan.

O Espiritu Santo, sa amin ay manahan
Loob ay bigyang-lakas, gawing banal ang buhay
Maghapon ay harapin sa gawang kabutihan
Sa pagsapit ng gabi ay payapang hihimlay.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Mapalad silang tumatahan sa iyong pamamahay, O Panginoon.

*Salmo 84*

*(Pag-aasam saTemplo ng Diyos)*

Mahal ko ang iyong templo,
O Makapangyarihang Diyos!

Nasasabik ang lingkod mong sa patyo mo ay pumasok.
Ang buo kong pagkatao'y umaawit na may lugod,
Sa masayang pag-awit ko pinupuri'y buhay na Diyos.

PANGINOON, sa templo mo, mga maya'y nagpupugad,
Maging ibong layang-layang sa templo mo'y nagagalak,
May inakay na kalinga sa tabi ng iyong altar;
O PANGINOON, hari namin at Diyos na walang kupas.

Mapalad na masasabi, silang doo'y tumatahan
At palaging umaawit, nagpupuring walang hanggan.
Ang sa iyo umaasa'y masasabing mapalad din,
Silang mga naghahangad na sa Sio'y makarating.

Habang sila'y naglalakbay sa tigang na kapatagan,
Tuyong lupa'y binabaha sa maagap na pag-ulan.
Habang sila'y lumalakad, lalo silang lumalakas,
Batid nilang nasa Sion ang Diyos nilang hinahanap.

Dinggin mo ang dalangin ko, O Makapangyarihang Diyos,
O ikaw na Diyos ni Jacob, dinggin mo ang iyong lingkod.
Basbasan mo, PANGINOON, yaong hari naming mahal,
Pagpalain mo po siya yamang ikaw ang humirang.

Kahit isang araw lamang, gusto ko pang sa templo mo,
Kaysa isang libong araw na iba ang tahanan ko.
Gusto ko pang maging bantay sa pinto ng iyong templo,
Kaysa ako'y mapasama sa masamang mga tao.

Ikaw ang haring dakila, ang tunay naming sanggalang,
Kami'y pinagpapala mo sa pag-ibig mo at dangal.

Hindi siya nagkakait ng mabuting mga bagay
Sa sinumang ang gawain ay matuwid at marangal.

Mapalad na masasabi ang sa iyo'y magtiwala,
Hindi sila mabibigo, yamang ikaw ay dakila!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Mapalad silang tumatahan sa iyong pamamahay, O Panginoon.

*Antipona 2*

Halikayo, umahon tayo sa bundok ng Panginoon.

*Awit: Isaias 2:2-5*

*(Nangingibabaw ang bundok na tinatahanan ng PANGINOON sa lahat ng bundok)*

Sa mga huling araw,
Ang bundok na kinatatayuan ng Templo ng PANGINOON
Ay mamumukod sa taas ng lahat ng bundok.

Daragsa sa kanya ang lahat ng bansa.
Ang maraming taong lalapit sa kanya
Ay magsasabi ng ganito:
"Halikayo, umahon tayo sa bundok ng PANGINOON,
Sa Templo ng Diyos ni Jacob,
Upang malaman natin ang kanyang mga daan
At matuto tayong lumakad sa kanyang mga landas."

Sapagkat sa Sion magmumula ang Kautusan
At sa Jerusalem, ang salita ng PANGINOON.

Siya ang mamamagitan sa mga bansa
At magpapairal ng kapayapaan
Kung magkagayon, gagawin na nilang sudsod
Ang kanilang mga tabak,
At karit ang kanilang mga sibat.
Wala nang magsasanay ng pakikibaka
At mawawala na ang mga digmaan.

Halikayo, sambahayan ni Jacob,

At tayo'y lumakad sa liwanag ng PANGINOON.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Halikayo, umahon tayo sa bundok ng Panginoon.

*Antipona 3*

Umawit sa Panginoon at purihin ang kanyang ngalan.

*Salmo 96*

*(Ang Panginoon, hari at hukom ng sanlibutan)*

Purihin ang PANGINOON, awitan ng bagong awit;
Ang PANGINOON ay papurihan nitong lahat sa daigdig!
Awitan ang PANGINOON, ngalan niya ay purihin.

Araw-araw ang ginawang pagliligtas ay banggitin.
Kahit saa'y ipahayag na ang PANGINOON ay dakila,
Sa madla ay ipahayag ang dakila niyang gawa.

Ang PANGINOON ay tunay na dakila, marapat na papurihan
Higit sa sinumang diyos, siya'y dapat katakutan.
Ang diyos ng sanlibuta'y pawang mga diyus-diyusan.

Ang PANGINOON lang ang may likha ng buong sangkalangitan.
Naliligid siyang lagi ng dangal at kabanalan,
Ang lubos n'yang kagandahan ay sa templo mamamasdan.

O ang PANGINOON ay purihin ng lahat sa daigdigan!
Purihin ang lakas niya at ang kanyang kabanalan!
Ang pagpuri ay iukol sa pangalan niyang banal.

Dumulog sa kanyang templo't maghandog ng mga alay.
Kung ang PANGINOON ay dumating, sa likas n'yang kabanalan,
Humarap na nanginginig ang lahat sa daigdigan.

"Ang PANGINOON ay siyang hari," sa daigdig ay sabihin,
"Sanlibuta'y matatag na, kahit ito ay ugain;
Sa paghatol sa nilikha, lahat pantay sa paningin."

Lupa't langit ay magsaya, umugong ang kalaliman,
Lahat kayo na nilikhang nasa tubig ay magdiwang.

Ang bukirin at ang lahat ng naroon ay sumigaw,
Pati mga punongkahoy sa galak ay mag-awitan.

Ang PANGINOON ay pupurihin, pagkat siya ay daratal,
Paririto sa daigdig, upang lahat ay hatulan.
Tapat siya kung humatol at lahat ay pantay-pantay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Umawit sa Panginoon at purihin ang kanyang ngalan.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*Santiago 2:12-17*

Kaya't mag-ingat kayo sa inyong kilos at pananalita, sapagkat hahatulan kayo ayon sa kautusang nagpalaya sa inyo. Walang habag na hahatulan ng Diyos ang di marunong mahabag; ngunit ang mahabagi'y walang dapat ikatakot sa oras ng paghatol.

Mga kapatid, ano ang mapapala ng isang tao kung sabihin man niyang siya'y may pananampalataya, ngunit hindi naman niya pinatutunayan sa gawa? Maililigtas ba siya ng gayong pananampalataya? Halimbawa: ang isang kapatid ay walang maisuot at walang makain. Kung sabihin ng isa sa inyo, "Patnubayan ka nawa ng Diyos. Magbihis ka't magpakabusog," ngunit hindi naman siya binibigyan ng kanyang kailangan, may mabuti bang maidudulot sa kanya iyon? Gayon din naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa.

*Tugunan*

Purihin ang Panginoong ating Diyos, purihin siya magpakailanman.

— Purihin ang Panginoong ating Diyos, purihin siya magpakailanman.

Walang kahambing ang mga kahanga-hangang gawa niya,

— purihin siya magpakailanman.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Purihin ang Panginoong ating Diyos, purihin siya magpakailanman.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Zacarias

*Antipona*

Purihin ang Panginoong ating Diyos.

*Lukas 1:68-79*

*Gumawa tanda ng krus*

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.

Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Purihin ang Panginoong ating Diyos.

## Pangkalahatang Panalangin

Nilikha tayo upang papurihan ang Panginoon. Buong taimtim tayong manalangin:

— Purihin nawa ang iyong ngalan, O Panginoon.

Pinupuri ka namin, Maylikha ng lahat,
sapagkat pinagkalooban mo kami ng mabubuting bagay sa lupa at pinarating mo kami sa araw na ito.

— Purihin nawa ang iyong ngalan, O Panginoon.

Pagpalain mo kami sa pagsisimula ng aming gawain sa araw na ito,
gawin mo kaming kamanggagawa, tulad mo.

— Purihin nawa ang iyong ngalan, O Panginoon.

Pakinabangan nawa ng aming mga kapatid ang aming mga gawain sa araw na ito,
upang kasama nila at para sa kanila, maitayo naming ang isang lungsod na kalugud-lugod sa iyo.

— Purihin nawa ang iyong ngalan, O Panginoon.

Pagkalooban mo kami ng galak at katuwaan,
at sa lahat ng aming makakasalamuha sa araw na ito.

— Purihin nawa ang iyong ngalan, O Panginoon.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo

Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama naming makapangyarihan,
igawad mo ang iyong kaloob
sa iyong angkan upang ang mga nagkamit
ng pasimula ng kaligtasan sa ipinanganak
na Kristo ng Birheng Mahal
ay makatanggap ng ibayong
kapayapaan sa kapistahan
ng pagsilang ni Mariang Ina ng tanan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*